

1

Napakagaan ng pakiramdam ni Ex nang araw na iyon. It was a great Sunday morning. Napakaaliwalas ng umaga, it was neither cold nor hot in Manhattan, New York. Feel na feel niya ang hanging masuyong dumadampi sa kanyang makinis na balat. Pauwi na siya mula sa *Trinity Church*. Tuwing linggo ay nagpupunta siya roon para magsimba.

Napakakapal ng tao nang umagang iyon. It was a busy day, she thought. Sabagay, kailan ba nawalan ng tao ang kalsada ng Manhattan? Maingat niyang binaybay ang daan pauwi sa kanyang bahay.

She was in Manhattan to study. Nagtatrabaho rin siya para matustusan ang kanyang pag-aaral bilang isang freelance writer sa isang sikat na broadsheet. Unknown to her family, nagsusulat din siya ng romance novels. At wala siyang balak na ipaalam ang tungkol sa bagay na iyon.

She missed her family. But she couldn't go back, couldn't stay home, and couldn't be with them dahil may tinatakasan siya—isang taong may malaking atraso sa kanya.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

She gritted her teeth. She had to forget him.

Pakiramdam niya ay nalulon niya ang kanyang dila nang mamukhaan ang taong nakasalubong niya. Her heart jumped to her throat! Napaatras siya nang kumibot ang mamula- mulang mga labi nito. His lips formed a very sardonic smile.

She clenched her fists.

God, I'm sorry but I really wanna kill him.

“How have you been, Elise?”

Napalunok siya. His soothing voice sent shivers down her spine. His familiar scent and gorgeous face seemed to have locked her in a dizzy trance. Ibinalik ng nakakaasar na ngisi nito ang isip niya sa kasalukuyan.

“I am not Elise.” Tinalikuran niya ito at nilampasan.

“We need to talk.” Mabilis siyang hinabol ng lalaki.

“I said I am not Elise! I don’t know you.” Pumiksi siya.

“Dammit! Hindi mo ba ititigil itong kalokohan mo?” tila napipikong sigaw nito. Irritation was very evident on his handsome face. His forehead formed

a sexy knit.

“W-wala kang karapatang sigawan ako. Lalo’t hindi kita kilala.” Mas binilisan niya ang paglalakad. She could hear his footsteps running after her.

“Dammit, Elise!”

“Help! This guy’s trying to harass me! He’s a maniac! Help!” sigaw niya. Nakhuha niya ang atensyon ng marami. Nanginginig na itinuro niya ang lalaki. “He’s trying to kiss me. He touched my butt,” akusa niya.

“What the...?” bulalas nito.

Mayamaya ay paisa-isa nang nakabuo ng barikada sa harapan niya ang mga hiningan niya ng tulong. Napangisi siya nang biglang namutla ang binata. Mabilis siyang tumalilis palayo.

“You’ll pay for this, Elise!”

Natawa siya sa pahabol na sigaw ng lalaki.

Pay, my foot. Jackass!

She silently sipped at her *white chocolate mocha*. Nakapangalumbaba siya sa mesa. Malungkot na tinanaw niya ang kalsada mula sa salamin na nasa

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

harap niya. Napakadami pa ring tao. Somehow, the walking crowd made her feel at ease. She exhaled roughly.

Why did he have to show up? Bakit kailangan pa niya akong kausapin? What does he want?

Napakarami niyang katanungan. Naguguluhan siya. Natatakot.

After ten years of locking herself away from him, bakit pa ito muling bumalik? Bakit kailangan pa nitong guluhin ang isip niya? Hindi pa ba sapat ang naranasan niya noon dahil sa ginawa nito sa kanya? Hanggang ngayon ba ay balak pa rin nitong guluhin ang buhay niya?

Naiinis na napasabunot siya sa sariling buhok. Eksaktong napalingon siya sa pintuan ng Starbucks ay nakita niya ang lalaking iniwan niyang pinagpiyestahan ng mga Amerikano kanina. Her eyes widened in disbelief. Natutop niya ang bibig.

Bakit nandito na naman siya?

She panicked. Napalinga siya sa paligid.

Mabilis niyang kinuha ang dyaryong nakapatong sa mesa at itinabing iyon sa mukha. Mainit ang mga matang sinuyod nito ang buong lugar. Lalo siyang

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

nataranta nang bigla itong naglakad palapit sa mesa niya.

“Let’s talk,” walang gatol nitong utos.

“E-excuse me...”

“Don’t create another scene, Elise. Hindi mo magugustuhan kapag ako ang gumawa ng eksena.”

She gulped. Kilala niya ito. Ginagawa nito ang sinalita.

“I said I am not Elise!” Tumayo siya at lumabas ng shop.

“Inaasar mo ba talaga ako?” Nakasunod ito sa kanya.

“Stop it, man, I don’t know you. I shouldn’t be talking to strangers, really.” Nagpatuloy siya sa paglalakad.

“We need to talk.” Hinawakan siya nito sa braso.

Nagbabaga ang mga matang napatingin siya sa kamay nito. Ngunit sa halip na tanggalin iyon ay lalo pa nitong hinigpitang paghawak sa kanya. “Get lost!”

“I said we need to talk.”

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Hindi nga kita kilala.”

“Talaga?”

“Kapag hindi mo pa ako binitawan ngayon din, sisigaw ulit ako at sasabihin kong—”

Hindi na niya naituloy ang nais sabihin dahil bigla siyang kinabig ng lalaki at siniil ng nagbabagang halik sa mga labi. Napamulagat siya. She raised her hands, laid them on his broad chest, and tried to push him away, but his firm hands made her a very feeble captive.

Nagpumiglas siya pero hindi siya agad pinakawalan ng lalaki. His hungry lips devoured every contour of her mouth. His persistent tongue invaded her mouth and tasted her perfect teeth. Halos pangapusang siya ng hininga nang bitawan siya nito.

“Remember me now?” he mocked.

“I hate you, Red! I really really hate you.”

“I know, Elise, I know.”

“Don’t ever come near me again. Huwag na huwag mo na akong kakausapin kahit na kailan at huwag na huwag ka nang magpapakita pa sa akin.”

“I’m afraid I can’t do that.”

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“W-why not?” nagtatakang tanong niya.

“Coz we’re getting married.”

“W-what?” She hysterically shook her head.

“After your graduation, we’ll be engaged. Again.”

“You’re crazy if you think I’d let myself make the same mistake twice.” Napaatras siya.

“I know it’s hard for you, pero wala tayong magagawa sa itinakda ng ating mga ama. You know what I mean.”

“My dad’s crazy. Paano ka niya nagawang mapatawad sa ginawa mo sa akin?” The knowledge hurt.

“Your dad knew I did nothing wrong.”

“Kung gayon, tama pala ang ginawa mong pang-iwan sa akin sa mismong araw ng kasal natin?” She tried to hold back her tears.

Hindi ako nasasaktan. Hindi!

“It was for your own good.”

Why did he have to hurt her again? Bakit kailangan pa nitong ipaalala sa kanya ang nakaraan nila? Bakit kailangan pa nitong muling isampal sa

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

mukha niya na siya lang ang may kagustuhan sa kasal nila noon? Kasal na hindi naituloy dahil iniwan siya nito.

“Leave me alone.”

“I told you, I can’t.”

“Why? Pumayag ka ulit na pakasalan ako? Tapos, ano? Iiwan mo ulit akong nag-iisa sa loob ng simbahang? Sabihin mo nga, Red, bakit hindi ka tinamaan ng hiya at nagawa mo pa talagang magpakita sa akin ngayon, ha? How can you act so cool about what happened between us? Ginamit mo ako noon, di ba? Ano, gagamitin mo ulit ako ngayon?” she accused.

“They want us back,” was his only answer.

“I can’t believe you, Red.” Naniningkit ang mga matang nakipagtigilan siya rito. “I hate you so much I want to kill you.”

“Too harsh, Elise.”

“Why did you have to follow me here?”

“Utos ng mga elders. Alam mong ako ang most obedient being dito sa mundo,” nakakalokong sagot nito.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Go home and tell them what I said. Walang kasalang magaganap dahil hindi ako papayag. Kuha mo?”

“Hindi. Puwedeng pakiulit?”

“There’s no use talking to you. Go to hell and burn.”

“Elise!”

Halos mabitawan niya ang telepono nang mula sa kabilang linya ay marinig niya ang matinis na sigaw ni Janine—ang kanyang singkit-pikit na best friend. Half-Korean, half-Filipino ito. Nakilala niya ito noong high school siya, mas bata ito sa kanya ng tatlong taon pero kung makaasta ay parang mas matanda pa sa kanya.

“Bes, kinikilig ako. Nakita ko si Bennie! Dumaan siya sa harap ko ’tapos nginitian niya ako.” Impit ang pagsigaw nito sa kabilang linya.

Yamot na binistahan niya ang malaking relong nakasabit sa kanyang kuwarto. Napaungol siya nang makita ang oras. “Bes, it’s one in the morning here. *Walanjo* naman, o. Ginising mo ako para lang sa Bennie na iyan? For Pete’s sake, I am in New York!

Wala ako sa Pilipinas.”

“Bes, alam mo, hindi ka pa kasi nai-in love, kaya ka ganyan. Siyempre, kinikilig ako, kaya natural tatawagan kita agad. I want you to be the first person to know that I am in love,” pangaral pa nito.

Siya, hindi pa raw nai-in love? Red’s image teasingly flashed through her mind. She shook her head. Napamura siya.

Mahigit dalawang buwan na mula noong maghabulan sila sa kalsada ng Manhattan.

“B-bes, are you mad?” nag-aalalang tanong nito.

Napapalatak siya. Nakalimutan niyang may kausap nga pala siya sa telepono.

“No, may nahulog kasing butiki mula sa kisame, eh. Nagulat ako,” palusot niya. “Anyway, I have to go. I have to pack my things pa.”

“Ngayon pala ang uwi mo. I’m so excited to see you.”

“Alam mong kuripot ako, kaya malamang na wala kang pasalubong mula sa akin,” biro niya. Isinusumpa ng buong pamilya De Calibre ang kanyang kakuriputan.

“Loka!” natatawang sabi nito.

“All right, I have to go. See you soon,” paalam niya.

She was going home. Kailangan na niyang umuwi dahil iyon ang kasunduan nila ng kanyang ama. Mag-aaral lang siya sa abroad at kapag tapos na siya ay babalik siya upang pamahalaan ang *De Calibre Pages*—ang publishing company na pag-aari ng kanilang pamilya.

Nakaramdam siya ng kakaibang kaba. Hindi niya alam kung para saan iyon. She knew that bumping into Red every now and then would be inevitable.

Ano kaya ang madaratnan niya?

2

“Marry Redentor.”

Ang malakas na pagbagsak ng dala niyang maleta ang sumagot sa sinabing iyon ng kanyang amang si Shan. She composed herself. Pinulot niya ang nahulog na maleta.

“Tay, pagod po ako. Kadarating ko lang. I want to rest.”

“I am not requesting you to marry him. It’s an order.”

Bigla ang pagkirot ng sentido niya dahil sa narinig. She was so excited to come home, only to find out that her father had planned her ‘funeral’ ahead of her. Biglang lumitaw sa kanyang isip ang nakangising mukha ni Red. Napahawak siya sa kanyang kumikirot na ulo.

“Tay, have you forgotten what happened ten years ago?”

“Azul and I have already talked about it. A promise that has been made should never be broken. Pakakasalan mo si Red dahil iyon ang nakatakda.”

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“That’s absurd. We’re in the twenty-first century, for pity’s sake!” Binuhat niya ang maleta at mabilis na tinungo ang hagdan paakyat sa kuwarto niya.

“Elise Xandria! Kinakausap pa kita.”

“You can’t do this to me again. You can’t!” ganting sigaw niya. She hastily locked herself inside her room.

Hustong naisara niya ang pinto ay impit siyang napatangis at napasandal doon. Bakit ganoon ang kanyang ama? He never talked to her, he never looked at her. Except when it had to do with her arranged marriage with Red.

Nagawa siyang saktan at ipahiya ng binata ten years ago. Inakala niyang magiging daan na iyon upang maisip ng kanyang ama na maling-mali ang matagal na nitong ipinagpipilitan sa kanila.

From the very start, her relationship with Red was not as smooth sailing as her family believed it to be. They were best enemies. Pero nagawa siyang manipulahin ng ama, kaya on her eighteenth birthday, she became engaged to Red against her will. Problem was, she fell in love with the jerk.

She frantically laughed upon remembering what happened. It was the most stupid thing she had ever done in her entire life. Ang maging sunud-sunuran

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

sa kagustuhan ng kanyang ama, ang matutuhang mahalin si Red, at higit sa lahat ay ang magpaloko sa binata.

Pinalis niya ang luhang nagpupumilit na umalpas mula sa kanyang mga mata. She was not the same Elise anymore. Hindi na siya ang dating mahinhin at masunuring si Elise. Siya na ngayon si Ex, matatag at may sariling paninindigan.

“I will never marry that guy. Tamaan na ako ng kidlat ngayon pero hindang-hindi ako papayag na magpakasal sa lalaking iyon.” Pinahid niya ang luha sa kanyang mga pisngi.

She exhaled heavily. Pagkuwa'y tinungo niya ang kama at dahan-dahang naupo roon.

Minsan na siyang iniligtas ng tadhana noong hindi matuloy ang kasal nila ni Red. And having been given the chance to escape that detestable destiny her father created, marapat lang siguro na ipaglaban niya ang pagkakataong ibinigay sa kanya. She would do whatever it took, para lang matakasan ang muling pagmamanipula ng kanyang ama.

At iiisa lang ang naisip niyang paraan para matuldukan ang kanyang problema. Si Red mismo.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Pasimpleng sinipat ni Ex ang sarili sa makintab na pinto ng kinalululanang elevator. Hinawi niya ang bangs, tucked them behind her ears, and flipped her long and shiny black hair. She hated vanity, but her hair was an exemption.

A nervous smile formed on her lips. She exhaled heavily as she walked out of the elevator. Taas-noong inignora niya ang nagtatakang tingin ng mga tao sa opisinang tinungo niya. Why, she was wearing a black t-shirt with a trivial print on it, worn out jeans, sloppy sneakers that were her favorite and a cottony black body bag.

She shrugged off the ‘weird’ gawk she gathered upon arriving. She composed herself once more and plastered a back-off look on her face for everyone else to see. Iisa lang ang pakay niya roon, at wala siyang panahon para pag-aksayahan ng pagod ang mga etchuserang office girls na harap-harapan siyang pinagtsitsismisan at kinukutya.

The male species gave her an opposite welcome though. Neroon ang paghanggang madalas niyang nakukuha kahit saan siya magpunta.

Tatak De Calibre, she thought.

“Ah, Miss... bawal kasi ang mga estudyante rito.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Kailangang kumuha ng appointment sa lobby kung may gusto kang makitang tao,” pambungad ng babae na tiyak niyang secretary ni Red.

“First and foremost, I am not a student. Secondly, I don’t need an appointment just to see that jerk Red Evangelista.” Dere-derecho niyang iniwan ang hindi makapaniwalang babae. Agad siyang nagtungo sa nakasaradong pinto.

As expected, it was locked. Asar na lumayo siya sa pinto at naghanda ng isang mas mabisang pambukas.

Isang malakas na sipa ang pinakawalan niya.

Narinig niya ang malakas at halos magkakapanabay na pagsinghap ng mga nakasaksi sa ginawa niya. Kasabay niyon ang matagumpay na pagbukas ng pintong sinipa niya. Lihim siyang natawa sa reaksyon ng mga naroon.

“What the...?” From inside the office came the bewildered Red. “E-Elise?” di makapaniwalang bulalas nito.

“Hi, jerk,” she greeted in between her gnashing teeth.

“What a cute surprise, Elise. I’m so flattered you

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

decided to drop by.” Napalitan ng ngisi ang kunot ng noo nito.

At kumulo ang dugo niya.

“Don’t be. I wouldn’t be here if I didn’t need to talk to you. Show’s over!” aniyang nilingon ang mga empleyado nitong pasimpleng nanonood sa kanila. Mabilis nagsialisan ang mga iyon.

“Shall we go inside then?” Humakbang si Red paatras.

“Five minutes.” Tinabig niya nakaharang na katawan nito.

“Please, have a seat.”

“No, thanks.”

“So, what brings you here, Princess?”

“Cut the sarcasm, Red, baka hindi kita matantya.”

“You really look cute when you’re angry, did you know that?” Humalukipkip ito at tinitigan siya. His legendary grin started to form on his luscious lips again.

“Unang-una, hindi ako nagpunta rito para makipagbolahan sa ’yo. Pangalawa, naubos na ang two minutes ko dahil sa pagpapa-cute mo. Kaya

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

pangatlo, sasabihin ko na ang totoong pakay ko. Piligan mo ang tatay ko at ang tatay mo sa masamang balak nila. Iyon lang. You have less than three minutes to say yes or no.”

“Ano na naman ang balak nila?” kunot-noong anito.

“Don’t give me that crap, Red. You know very well what I’m talking about. Feigning innocence makes my blood boil. Hindi bagay sa ’yo.”

“What makes you think that I’ll agree with your plan?” Naglakad ito at naupo sa isang couch. “Have a seat, Elise.”

“I said no thanks. Now answer me, is it a yes or a no?”

“Ano sa tingin mo ang magiging sagot ko?”

“I guess I’m just wasting my time talking to you. You’re still a jerk.” Akma siyang aalis nang bigla itong tumayo at hinawakan siya sa braso para pigilan.

“Elise...”

“Hindi kita kilala. Don’t touch me.” Naiinis siyang isipin na nagmukha lang siyang tanga sa harapan nito.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Bakit pa ba siya umasa na tutulungan siya nito gayong sinadya pa siya nito sa New York upang ibalita lamang ang nalalapit nilang kasal?

Well, I'm this desperate.

“Gusto mo bang ipaalala ko ulit sa iyo kung sino ako?”

Mabilis na nag-init ang kanyang mga pisngi dahil sa tinuran nito. Hindi pa rin niya nakakalimutan ang ginawa nito sa kanya sa harap ng *Starbucks* sa Manhattan.

“Tigilan mo ako, Red.”

“Aalis ka na agad?”

“Obvious ba? Ayaw na kitang makausap. Wala kang kuwentang kausap.” Sa wakas ay naalala rin niyang pumiksi mula sa pagkakahawak nito sa braso niya.

“Is this how you treat your ex-fiancé?”

“Yes. So be grateful for small mercies. You ought to be hanged, my liar slash jerk ex-boyfriend slash ex-fiancé. Hindi ko na siguro kailangang ipaalala pa sa ’yo ang ginawa mo sa akin ten years ago.” Matalim ang tinging nilingon niya ito.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Elise...”

“I am not Elise! I am Ex!”

“Ex?”

“Yeah. Wala na si Elise, I am now Ex. E—X!” She spelled out her new moniker.

“Yeah, you’re my ‘Ex’.”

Hindi niya napigilan ang muling pamulahan ng mukha sa paraan ng pagkakabanggit nito sa salitang ‘ex’. She knew what he really meant. She irately frowned.

“Alam mo bang na-miss ko iyang pagsimangot mo?”

“Whatever.” She rolled her eyes. She ignored his sweet tone. Hindi na siya maniniwala sa kalungkutang nakikita sa mga mata nito. Kahit na kailan ay hinding-hindi na siya magpapadala sa mga pambobola ni Red. *Never!*

“You’re too affected by my presence, Elise, why is that?” he asked in an amused tone. Humalukipkip pa ito.

She tried not to notice how handsome he was in his usual suit. Hindi pa rin ito nagbabago.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Napaismid siya. “Manhid ka ba talaga?”

“Elise...”

“I said don’t call me Elise. I am Ex. Tawagin mo pa ako sa pangalang iyan at masasapak na talaga kita.”

“You’re Elise.”

“I said I am not!”

“You’re the one and only Elise that I am going to marry.”

“Marry, my foot!”

“Tell that to your old man.”

Natigilan siya. Inarok kung nagsasabi ito ng totoo. Napaungol siya nang makita ang kumpirmasyon sa mga mata nito.

“Don’t tell me, they’re really up to that stupid idea of us marrying each other?”

“I am afraid so.”

Napabuntong-hininga siya. God, she felt real dizzy. Muling sumakit ang ulo niya nang maalala kung bakit niya nagawang sikmурain na makipagkita kay Red.

“We need to convince them that we’re not meant

for each other.”

“How?”

“Look for someone who’ll pretend to be your lover. Para malaman nilang may mahal kang iba. Tatal madami ka namang babae, di ba? Ang problema mo na lang, eh, kung paano pipili sa kanila.”

“Do I hear a hint of jealousy there, Sweetie?”

Inis na sinipa niya ito sa paa. How dare he use that endearment to her? Isinusumpa niya ang salitang ‘sweetie’, and every other word that reminded her of their past relationship. And that included her first name.

“Ano iyon?” she sarcastically retorted.

“Come on, I can’t break my dad’s heart,” anito habang hinihimas ang paang sinipa niya.

“When will you stop being your dad’s puppet?”

“That’s foul,” he barked in a dangerous tone.

“Truth hurts,” she muttered.

Bahagya siyang lumayo sa binata na mukhang anumang sandali ay sasakmalin na siya sa sobrang inis.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Alam mong ayoko ng bumubulong-bulong.”

“Fine. Makaalis na nga.”

Natigilan siya dahil sa biglang panahanhimik nito. His cold gaze captured hers. Ang lambong ng mga mata nito ay parang gasolina na biglang nagpabilis sa tibok ng puso niya. She felt her hands perspiring. Bigla ring nanginig ang mga tuhod niya. She looked away.

“Hindi mo na ba talaga ako mapapatawad?”

“Alam mo ang sagot ko diyan.” The sudden change in the atmosphere made her feel awful.

“Elise...”

“I told you not to call me ‘Elise’,” she hissed.

Muli itong lumapit sa kanya at sinubukan siyang hawakan kaya mabilis siyang humakbang paatras. Ngunit mukhang may sa malas yata talaga siya dahil namali sa pagtapak ang kanyang kanang paa. Naging dahilan iyon upang mabuway siya at muntikang matumba.

Only Red’s swift move was able to save her. Napakapit ang mga kamay niya sa batok nito, while his firm hands were clasped around her tiny waist. For a moment, they stayed looking at each other’s eyes.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Nais niyang kumawala, kaso ayaw sumunod ng katawan niya. She was totally engulfed by his magnetic gaze that all she wanted to do at the moment was to look at him and hold her breath. It was a familiar feeling, something she thought had been long forgotten.

I missed him.

Iyon ang natuklasan niya sa pagkakalapit nila. Maybe that was the same feeling she tried to deny two months ago. She wanted to kick herself. Dahil alam niyang sa isang banda, natalo na naman siya ni Red.

I'm such a loser.

Paano kung maulit ang nakaraan? Pilit na bumabalik sa kanyang alaala kung bakit kinamumuhian niya ang dating kasintahan. Isang pagtikhim mula kung saan ang umagaw ng atensyon nila ni Red.

“E-excuse me, Sir?”

Parang napapasong itinulak niya ito. Inayos niya ang sarili. Mula sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang namulsa si Red—senyales na pati ito ay tensyonado sa mga sandaling iyon.

Damn!

“Ben, you saw nothing,” banta niya sa

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

nakababatang kapatid na lalaki. “I repeat, wala kang nakita.”

“I have eyes, Ate Ex,” nakangising sagot nito.

“Don’t you dare tell anybody about this.”

“Why not? Ano ngayon kung malaman nila na ang dating magkasintahan na hindi nagkita nang mahigit sampung taon ay nahuling nagyayakapan sa mismong opisina ng lalaki?” nakakaloko pang tanong nito.

“Hindi kami nagyayakapan!” galit na sigaw niya.

“She seduced me,” nakangising sabat ni Red.

Mabilis niyang tinapunan ng isang nakakasugat na tingin ang dating kasintahan. “Don’t ever come near me again, Red, or I’ll kill you on the spot. I promise.”

“Fine,” anito, nakataas ang dalawang kamay.

Sumusuko na ito? She doubted that. Dahil hindi pa rin naaalis ang ngisi nito. How she wished she could scratch that grin off his face. Tumataas ang presyon niya. Napahawak siya sa batok at napatingala.

“By the way, what are you doing here?” baling niya sa ngingiti-ngiting si Ben.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Am I not supposed to be the one asking you that?”

“Huwag mong ubusin ang pasensya ko, Benjamin De Calibre.”

“Relax, Ate Ex. Lagi ako dito, since magkatulong ang *De Calibre Steel Company* at *Evangelista Steel Company*. Had you been successfully married to Red ten years ago, malamang natuloy ang merging ng dalawang kumpanya. Ikaw, bakit ka nandito? Akala ko ba magkakadelubyo kapag nagkita kayo ni Red? Mukhang exaggeration lang iyon. Considering the scene I walked up on earlier.”

Lalong tumaas ang presyon niya nang marinig ang salitang ‘married’. Dumagdag pa ang panunuksong kapatid niya.

“I’m outta here.” Tinungo niya ang pintong sinira niya kanina.

“Elise!” tawag ni Red.

“Gusto mo ulit masipa? I said it’s Ex!”

“Wala ba akong goodbye kiss?”

“Beast!” nang gagalaiting sigaw niya bago tuluyang nilisan ang opisina nito. Dinig na dinig niya ang mataginting na halakhakan ng dalawa.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

Mayamaya ay biglang tumunog ang cellphone niya. Natigilan siya nang malamang kay Red galing ang mensahe. Sampung taon na pero hindi pa rin ito nagpapalit ng number kagaya niya?

Iwinaglit niya sa isip ang pagtatakang bumangon sa kamalayan niya.

Let's talk later. It's about our destiny. At tungkol sa sinira mong pinto sa opisina ko.

Lovelots,

Red.

She angrily went to the elevator and threw her phone inside her bag.

3

“Saan ka galing?”

Natigilan siya sa galit na tanong ng kanyang ama. Nagtatakang napatingin siya rito.

“Why? Must I report everything to you?” she replied nonchalantly.

“Don’t go too far, Elise. Baka hindi ako makapagpigel,” Shan roared, obviously controlling his anger. “I’m warning you.”

“I’m s-sorry, ’Tay. May pinuntahan lang akong kaibigan.” She looked away.

Hindi niya makakayang sabihin dito na si Red ang pinuntahan niya dahil siguradong masyado itong magsasaya. At malamang ay mas madaliin pa nito ang pag-iisang dibdib nila ng binata.

“Pagbibigyan kita ngayon, Elise.” Bumuntong-hiniga ang ama. “Go to your room. May ipinadala si Azul na mga damit para sa ’yo. Pick the best one. Iyon ang gagamitin mo para sa engagement party ninyo ni Red.”

Ex felt like she had been hit by a bullet train.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Not gonna happen.” Umiling siya.

“Everything’s been settled. A month after the engagement, you’ll be married to Red,” he declared.

“Tay!” reklamo niya.

“Umakyat ka na sa kuwarto mo. Siya nga pala, hindi ka puwedeng humingi ng tulong sa mga kapatid mo kung ayaw mong pati sila ay madamay sa magiging parusa ko sa ’yo kung sakali. Wala ang mommy mo para pagtakpan ang mga kalokohan mo. She’ll be back in time for your wedding,” sunud-sunod na babala nito.

“That’s so unfair!”

Ngunit sa halip na sumagot ay mabilis siyang tinalikuran ng ama at iniwang naghihimutok sa gitna ng maluwang na sala. Wala siyang nagawa kundi ang padabog na umakyat sa kanyang kuwarto.

Biglang kumulo ang dugo niya nang makita ang apat na kahong nakapatong sa ibabaw ng kanyang kama. Isa-isang binistahan niya ang laman ng mga iyon. Elegante ang lahat ng mga bestida. Sa tabas at tela pa lang ay mahahalata nang gawa iyon ng isang sikat at magaling na designer.

Isang bahaw na tawa ang namutawi sa bibig

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

niya. She tried to choke back her tears but they kept on falling and it just made her feel worse. Something like this had happened years ago. It was reliving the same situation.

But this time she felt the exact opposite.

She was more than miserable.

How pathetic. Nagawa niyang umayon noon sa plano ng ama dahil simula pagkabata ay minahal na niya si Red. She was so hopeful that he felt the same way. Pero mali siya.

Naikuyom niya ang mga palad. Ang pagtigas ng kanyang anyo ay kitang-kita sa salamin sa harapan niya. She dried her tears and composed herself.

Hindi na mauulit ang nangyari dati, pangako niya sa sarili.

Mabilis niyang kinuha ang cellphone. Sandali siyang nag-isip kung tatawagan ba niya ang mga kapatid o hindi. Sa huli ay nanaig ang kanyang pangungulila sa mga ito.

“Call conference ulit? Wow, Sis, yumayaman ka na!” bungad ng Ate Liezel niya.

“Siyempre, naka-collect call ulit ako sa account mo.”

“Kelan ka kaya magbabago, Ex?”

“Hindi na ’yan magbabago, Ate Liz,” natatawang sabat ni Cadbury.

She missed her sisters. Nasa London pa si Cadbury at kasalukuyang nag-aaral, sa susunod na buwan pa ang uwi nito. Nasa Bicol naman ang Ate Liezel nila. Natutop niya ang bibig at impit na napatangis.

She needed a hug. She needed someone to talk to.

Pero ayaw niyang idamay ang mga kapatid. Her father wanted her marriage to Red to be a secret.

Sana noon nito naisip iyon para hindi siya gaanong napahiya nang talikdan ni Red ang kasal nila.

“Ate Ex? Are you still there? Hello? May problema ba?” nag-aalalang tanong ni Cadbury.

“Oo nga, Sis, ang tahimik mo yata ngayon? Naninibago ako sa ’yo,” ani Liezel.

“W-wala. Ano’ng magiging problema ko? There’s nothing I can’t handle, di ba?” aniya sa mas pinasiglang boses. “Anyway, na-miss ko lang ang mga boses ninyo. I have to go.”

Alam ni Ex na maaari siyang itakwil ng tatay niya sa naisip niyang plano, pero mas pipiliin pa niya iyon kaysa makasal sa Red na iyon. Huminga siya nang malalim bago kinuha ang kanyang cellphone at nag-dial ng numero roon.

“Hello? Ano, okay na ba ang lahat?” untag niya.

“Copy. Huwag ka lang magpapahalata. Matalas ang pang-amoy ni Tito. Goodluck, Bes,” ani Janine.

Last night, she called her best friend and asked for her help. Iisa lang ang alam niyang solusyon para hindi matuloy ang kasal: kailangang mawala ang bride.

She impishly grinned.

Saglit siyang sumilip mula sa maliit na awang ng pinto ng kuwarto niya bago tuluyang lumabas at pumanaog.

“Good morning, ‘Tay,” masiglang batì niya sa ama. Nagbabasa ito ng diyaryo sa sala.

“Good morning. Ano, nakapili ka na ba?” anito sa pormal na boses. “Have a seat.”

Pinigilan niya ang mapaismid. Sa halip ay

minabuti niyang ngumiti.

“Yes, I’m wearing the black one.”

“You can’t. It’s an engagement party, not a funeral.”

Same difference for me. “The pink one then.”

Isang hindi makapaniwala ang tingin ang ibinato sa kanya ng ama. Mayamaya ay napangiti ito.

“That’s a fine choice, Hija.”

“I gotta go. Kailangan ako sa opisina.”

“I’ll call the driver for you.”

“No, Dad! I mean, I’ll drive myself today. Please? Dati na akong nagda-drive dito. And I’m turning twenty-eight already. I don’t need a driver all the time,” she said, trying to sound flippant.

“All right.”

“Bye, ‘Tay.” Humalik siya sa pisngi ng ama at mabilis na tinungo ang kanyang kotse.

Ngunit hindi pa man niya tuluyang nabubuksan ang pinto niyon ay lumapit na sa kanya si Anjo, isa sa mga bodyguards ng ama.

Mahigit anim na talampakan ang taas nito. He

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

was her father's personal bodyguard. In fact, ito ang nagturo sa kanya ng martial arts. Hinawakan siya nito sa braso at mabilis na inilayo sa kanyang kotse. She shot him a very inquisitive and horrified look. Anjo looked away then sighed.

“Hindi mo naman siguro inisip na maiisahan mo ang tatay mo, Elise Xandria?” Mula sa likuran ay dumagundong ang malagom na boses ng kanyang ama.

She fretfully turned to face her father.

“W-what are you talking about?”

“Alam ko ang binabalak mo. You can't run away. Ipinaalis ko na kagabi pa ang maletang inilagay mo sa trunk ng iyong kotse. Alam ko ang plano mong pagtakas. Hala, sige! Ipasok ang batang iyan sa kotse at dalhin sa tagpuan!” utos nito kay Anjo.

“Tay! You can't do this to me. I'm your daughter!” pagpupumiglas niya.

“Exactly, you are my daughter. Kaya ko ginagawa ito ay para rin sa 'yo.”

“Tay, please, huwag mong gawin sa akin ito. Pera lang ba ang katapat ko? Mas maraming mayayaman diyan, bakit si Red pa?”

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Who said it’s about money? Contrary to popular belief, promises in our family aren’t made to be broken.”

Mabilis siyang isinakay ni Anjo sa kotse at tinalian sa mga kamay. Isang panyo rin ang itinakip nito sa kanyang ilong at bibig.

At nawalan na siya ng malay.

Isang mahinang ungol ang kumawala sa bibig ni Ex. Something seemed to stop her from being able to move. Pagmulat ng mga mata niya ay tumambad ang nakagapos niyang mga kamay.

Marahas ang naging pagbangon niya mula sa hinihigaang kama, dahilan upang malaglag ang tali na akala niya ay nakapulupot pa rin sa mga kamay niya. Kahit paano, nakaramdam siya ng kapanatagan dahil malaya niyang magagamit ang mga kamay.

Napalinga siya sa paligid. The place was very luxurious and very unfamiliar. At sapilitan siyang inilagak doon. Kaya tama lang ang kaba na bumabangon sa dibdib niya.

Umahon siya mula sa kama at naglakad papunta sa pintuan ng kuwarto. Napangiwi siya

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

nang maramdamang medyo mahapdi ang kanyang pulsuhan. Dahil siguro sa matagal na pagkakagapos.

How can my father do this to me?

Sinubukan niyang buksan ang pinto pero naka-lock iyon. Napabuntong-hininga siya.

She knocked on the closed door from inside the room.

“Tito Anjo? Nandyan ba kayo? Tito Anjo? Tito Anjo! Please, open the door. Nagmamakaawa ako, open the door,” she frantically shouted while knocking continuously.

“That won’t work.”

Halos mabali ang leeg niya nang lingunin ang pinanggalingan ng pamilyar na boses na iyon.

Nanlaki ang kanyang mga mata. “R-Red! W-what are you doing here?”

Halata ang pagtatagis ng bagang nito. Tumayo ito mula sa pagkakaupo sa sulok. Natigilan siya. Bakit hindi man lang niya ito napansin kanina?

“You were too focused on opening that door, kaya siguro hindi mo ako napansin,” anitong tila nabasa ang nasa isip niya. He lazily gazed at the closed door.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Teka nga. Naguguluhan ako. What are you doing here? What are we doing here?”

“I was actually going to flee last night. Aalis ako, para hindi na magulo iyang buhay mo. But my dad discovered my plan.” Napamura ito.

Nagdududang napatingin siya rito.

“This could be one of your plans,” akusa niya.

“You’re too imaginative, my Elise.”

She rolled her eyes. “So, ano ngayon ang gagawin natin?”

“From what I’ve heard, umalis si Tito Anjo. Mukhang plano ng mga tatay natin na ikulong tayo rito hanggang sa magsawa sila sa paglalaro sa atin.”

“Ano ba ang iniisip nila?” napiplikon nang tanong niya.

“I don’t know either.” He shrugged.

“We have to think of something.”

“I agree.”

“Ikaw kasi! Sabi ko sa ’yo, just pick from one of your girls para wala na tayong problema,” paninisi niya.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Tapos ano, itatakwil ako ni Daddy?”

“Coward,” she taunted.

“Bakit hindi na lang ikaw ang maghanap ng lalaking ipapakilala bilang lover mo?”

Natigilan siya. Biglang pumasok sa isip niya si Ken—ang kanyang male best friend. Nakilala niya ito sa New York three years ago. Ken owned one of her favorite restaurants. Napangiti siyang bigla.

“Why are you smiling?” pasupladong untag nito.

“Alam mo, tama ka. Bakit ba hindi ko naisip iyon? I guess I should call Ken.” Natutuwang lumapit siya sa kama. “W-where’s my bag?”

“Hindi mahina ang ulo ng mga tatay natin para kalimutang kunin ang mga cellphone natin.”

“Gosh. What should we do then?”

“Tawagan mo iyang Ken mo! Baka sakaling makatulong sa atin.”

“Iyon na nga ang gagawin ko. Once I get my phone back, tatawagan ko agad siya.”

“Para namang papayag silang makipagrelasyon ka sa iba liban sa akin,” iritableng sikmat nito.

Marrying The Frog Prince - Eunice Xyra

“Teka nga, di ba ikaw ang nagsabi na maghanap ako ng lalaking magpapanggap na lover ko? So, ano’ng inaarte-arte mo diyan?”

“I’m just saying na hindi papayag ang mga tatay natin sa ganoong set up. Malamang paghihiwalayin lang nila kayong dalawa. Baka saktan pa nila iyang lover mo.”

“S-saktan?”

“Oo. Puwedeng nilang ipa-kidnap iyang Ken mo ’tapos ipabugbog. Puwede ring ipa-ban ni Daddy iyon sa Pilipinas. A number of things could happen to him, Elise.”

Inis na kinuha niya ang isang throw pillow at ibinato iyon dito.

“Bakit ka nananakot? Panira ka ng plano. Buti nga ako nag-iisip ng paraan para makatakas sa sitwasyon natin. Eh, ikaw? Hindi man lang yata nag-iisip.”

“May naisip akong mas mabisang paraan.”

“At ano iyon?” dudang tanong niya.